


Senior High School

Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Unang Markahan – Modyul 10: Pagtalakay ng Iba't ibang Indibidwal Ukol sa Wikang Pambansa



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 10: Pagtalakay ng Iba't ibang Indibidwal Ukol sa Wikang Pambansa Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jessica P. Estares
Editor: Jonathan F. Bernabe
Tagasuri: Perlita E. Dela Cruz, Elisa N. Lajera, Neneth P. Erni,
Ma. Theresa Austria, Leonila L. Custodio
Tagaguhit: Romdel F. Partoza
Tagalapat: Julie Anne V. Vertudes
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rommel C. Bautista
Galileo L. Go, Randy D. Punzalan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta
Leonila L. Custodio
Julie Anne V. Vertudes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Unang Markahan – Modyul 10:
Pagtalakay ng Iba’t ibang Indibidwal Ukol
sa Wikang Pambansa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng pagtalakay sa mga pananaw ng mga indibidwal ukol sa pinagdaanang pangyayari ng Wikang Pambansa. Makatutulong ang modyul na ito sa iyo upang higit mong maunawaan ang naging kasaysayan ng Wikang Pambansa.

Naglalaman ang modyul na ito ng paksang:

1. Pagtalakay ng iba't ibang indibidwal ukol sa Wikang Pambansa

Kasanayang Pampagkatuto:

- Nakapagbibigay ng opinyon o pananaw kaugnay sa mga napakinggang pagtalakay sa wikang Pambansa

Layunin:

- Natutukoy ng mga mag-aaral ang sariling opinyon o pananaw sa mga pahayag na ibinigay.
- Nasusuri ang mga pahayag tungkol sa Wikang Pambansa.
- Nakabubuo ng sanaysay na nagpapakita ng opinyon tungkol sa napakinggang panayam.



Subukin

Suriing mabuti ang mga pahayag. Tukuyin kung ang inilalahad na impormasyon ng pahayag ay TAMA o MALI.

1. Ayon kay Kom. Francisco Rodrigo,” Ang Pilipino ay batay sa Tagalog at ang Filipino ay batay sa Pilipino”.
2. Kinakailangan maging pormalisado ang paggamit sa wikang Filipino sa larangan ng pakikipagtalastasan.
3. Tinalakay ni Kom. Wilfrido Villacorta na ang Filipino ay lumalaganap at umiiral na wika kung kaya’t kinakailangang paunlarin ito ng sistema ng edukasyon.
4. Kahit sinuman ay maaaring kumatha ng isang wika nang walang pinagbabatayan na nagpapatibay rito.
5. Isinasaad at patutunayan na ang Wikang Filipino ay hindi isang bagong kinatha o kakathaing lenggwahe.
6. May kinalaman ang impluwensiya ng mga banyagang mananakop sa pagiging pormalisado sa paggamit ng wikang Filipino.
7. Walang historikal na perspektibo ang Wikang Filipino.
8. Isang lumalawak na bersyon ang Wikang Filipino ng Pilipino.
9. Sa isang bansa, kahit na isang wika lamang ang umiiral ay sapat na upang magkaunawaan ang mga mamamayan.
10. Kapag ang isang wika ay hindi pa pormalisado ay masasabing hindi ito umiiral na wika sa isang partikular na bansa.
11. Ibinatay ang Wikang Filipino sa Pilipino upang maging mas makilala ito at mas gamitin ng mga mamamayan.
12. Dayalektong Tagalog ang maituturing na lingua franca ng Pilipinas.
13. Umiral ang dayalektong Tagalog sa administrasyon ni Pangulong Manuel Luis Quezon.
14. Mas naunang gamitin ang katawagang Filipino sa wikang pambansa kumpara sa dayalektong Tagalog.
15. Kailangan ng pagbabata yang batas kung nais baguhin ang katawagan ng partikular na wika.

Aralin 12

Pagtalakay ng Iba't ibang Indibidwal Ukol sa Wikang Pambansa

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang Kasaysayan ng Wikang Pambansa. Nakapokus ito sa mga pananaw na inilahad ng mga partikular na indibidwal. Isa na rito si Ginoong Efren R. Abueg na nagbigay linaw sa kanyang naging saloobin sa pinagdaanan ng wikang pambansa.

May ilan pang kilalang tao na nagbigay ng kanilang mga opinyon tungkol dito. Mga opinyon na magbibigay linaw sa ating aralin.



Balikan

Bago natin simulan ang iyong magiging paglalakbay sa modyul na ito, muli mong balikan ang iyong natutunan sa unang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa partikular na tanong:

- *Sa pang-araw-araw na iyong pakikisalamuha, nagagamit mo ba ang wika sa iba't ibang pamamaraan? Pangatwiranan mo ang iyong sagot.*



Halika, ipagpatuloy mo na ang iyong pag-aaral. Tuklasin mo na ang pananaw ng mga awtor tungkol sa wikang pambansa. Basahin mo muna ang pagtalakay sa mga pananaw mula sa iba't ibang indibidwal na siyang gagabay sa iyong pag-aaral sa modyul na ito.



Tuklasin

ANG DEPINISYON NG WIKANG FILIPINO: Ang Katawan at Kaluluwa.... (Bahagi ng pagtalakay ni Efren R. Abueg)

Ang ating wikang pambansa ay napag-uusapan. Sasabihing ito'y Tagalog, Pilipino o Filipino. Makikilala sa mga sagot na ito ang oryentasyon sa wika ng mga mamamayang Pilipino. At kung masagot namang Filipino ang wikang pambansa natin, hindi naman ito mabigyan ng angkop na depinisyon.

Tatlong komisyoner ng Komisyong Konstitusyonal (Concom) ang nagbibigay-linaw sa katangian ng Filipino bilang wikang pambansa. Sa katitikan ng pulong ng subkomite sa wika ng Concom noong Setyembre 10, 1987, ganito ang salin ng kanilang palitan ng mga pangungusap:

Ayon kay Komisyoner Wilfrido Villacorta: Ito ang isang umiiral na wikang pambansa, at ang nukleo nito ay Pilipino... sapagkat ito ay isa nang malaganap na umiiral na wika, na Pilipino na P. Sinabi rin natin na mayroong isang wikang umiiral na pinalawak at pinaunlad na tinatawag na Filipino at ang impormasyon nito ay kailangang isagawa sa sistemang pang-edukasyon at iba pa, subalit hindi nangangahulugan na dahil hindi pa ito pormalisado ay hindi umiiral. Ito ay isang lingua franca."

Tinalakay ni Ponciano Bennagen: Kailangan nating magkaroon ng isang midyum ng komunikasyon nagbibigkis sa atin at iyon ay ang Filipino, na binigyang-kahulugan ng isang pangkat ng mga pantas sa wika at mga organisasyong pangwika bilang isang lumalawak na bersyon ng Pilipino."

Nilinaw ni Komisyoner Francisco Rodrigo: Itong Filipino ay hindi isang bagong kinatha o kakathaing lenggwahe. Ito ay batay sa Pilipino. Palalawakin lamang ang saklaw ng Pilipino. Kaya nga't ang Pilipino ay batay sa Tagalog, at ang Filipino ay batay sa Pilipino."

Binigyan din nila ng historikal na perspektibo ang Filipino. Binanggit ni Rodrigo na "ang Pilipino ay batay sa Tagalog", samantalang sinabi naman ni Bennagen na " ang Pilipino....bilang isang lumalawak na bersyon ng Filipino." Mula kay Rodrigo na sinabing "Itong Filipino ay hindi isang bagong kinatha o kakathaing lenggwahe" hanggang sa winika ni Villacorta na "subalit hindi nangangahulugan na dahil hindi pa ito pormalisado ay hindi ito umiiral." At ipinanghuli niya: "Ito ay isang lingua franca." Kaya mula sa Tagalog (sa panahon ng Pangulong Quezon) hanggang sa Pilipino (sa panahon ni Kalihim Romero ng Edukasyon) hanggang sa Filipino (sa panahon ni Presidente Aquino), makumpleto ang ebolusyon ng wikang pambansa.



Suriin

Tukuyin kung ang mga pahayag ay Opinyon o Katotohanan.

1. Dapat isabatas ang pagpapalit ng Pilipino mula sa Filipino kung ang tinutukoy ay wika.
2. Ang Wikang Filipino ay isang pagpapalawak na bersyon ng Pilipino."
3. Mapapaunlad ang Wikang Filipino sa pamamagitan ng palagiang paggamit nito sa ating pamayanan.
4. Isang katotohanan na ang wika ay tinaguriang katawan at kaluluwa ng isang bansang malaya.
5. Sa isang komunikasyon, kailangan nating magkaroon ng midyum na gagamitin na siya ang nagbibigkis sa atin

Batay sa mga pahayag mula sa iyong naging kasagutan, ipaliwanag mo kung bakit OPINYON o HINDI ang iyong napiling sagot sa bawat pahayag. Isulat ang iyong paliwanag sa sariling sagutang papel.


1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____



Pagyamanin

PAGSASANAY 1

Unawain ang naging pagtalakay sa Wikang Pambansa. Hayaan na mayroong isang kasama sa bahay ang magbabasa nito para sa iyo.

Halos 3 dekada na ang nakalipas nang iniutos ng dating pangulong Corazon Aquino na gamitin ng mga kagawaran at ahensya ng pamahalaan ang wikang Filipino sa lahat ng uri ng komunikasyon. Iniutos din ng Atas Tagapagpaganap Blg 217 na isalin sa Filipino ang mga pangalan ng mga opisina, maging ang panunumpa sa katungkulan ng mga opisyal sa gobyerno.

Nguni't sa kasalukuyan, inamin ni Celso Santiago Jr, *assistant secretary* ng Presidential Communications Operations Office, na hindi pa rin wikang opisyal ang Filipino, bagama't tanggap na ito ng nakararami bilang pambansang wika.

"Hangga't hindi nauunawaan ng karaniwang masa ang wika ng batas polisiya, pangangasiwa, at pamamahala, hindi natin naibibigay sa kanila ang kapangyarihang maging mga aktibong mamamayang may pakikisangkot sa pamamahala at pagpapatakbo ng bansa," sabi ni Santiago sa mga kalahok sa Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Wika.

Masasabing opisyal ang wika kung ito ang gamit sa mga opisyal na talastasan sa pamahalaan, paliwanag ni Santiago. Aniya, sinimulan na rin kahit papaano ng kasalukuyang pamahalaan na dalasan ang paggamit ng Filipino bilang wikang opisyal:

"Sinikap naming gamitin ang wikang Filipino upang maabot ang mga programa ng pamahalaan sa mas nakararami," wika ni Santiago.

PAGSASANAY 2

Batay sa iyong naging pag-unawa sa napakinggang pagtalakay sa Wikang Pambansa, itala ang mga mahahalagang punto mula rito.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

PAGSASANAY 3

Mula sa naitalang mahahalagang punto sa napakinggang pagtalakay sa Wikang Pambansa, ilahad mo ang iyong konklusyon dito.




Isaisip

Suriing mabuti ang mga pahayag. Ilahad ang iyong pananaw ukol dito.

- A. Ang modelo ng makabago at edukadong Filipino ay nilikha mula sa laganap na mga elemento ng Kanlurang sibilisasyon. Ang wikang Ingles ang nagsisilbing pinakamabisang behikulo ng kulturang ito. Sa aking paningin, dito nagsimula ang unti-unting paglubog ng kaluluwang Filipino.

- B. Walang wikang umuunlad kung hindi ito nababasa't naisusulat. Walang wikang umuunlad kung ito'y hindi sinasanay na maglulan ng mga kaisipang bago sa ibang mga kultura. Kailangang makipag-usap ang ating katutubong wika sa mga wika ng ibang bansa, sa halip na isantabi ito sa muling pag-aakalang hindi na ito angkop sa nagbabagong panahon.



Isagawa

Unawaing mabuti ang talata sa pamamagitan ng pagpapabasa nito sa kasama sa bahay. Sumulat ka ng isang maikling sanaysay na nagpapakita ng iyong opinyon tungkol sa napakinggang pagtalakay sa wikang pambansa:

RUBRIKS SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Nilalaman.....	5
Kahusayan sa paglalahad ng ideya.....	5
Wastong gamit ng mga bantas.....	5

KABUUAN

15 puntos

Wika ang pinakamagandang regalo ng Maykapal sa kanyang mga nilalang. Ito ang tanging kasangkapan ng tao sa pakikipag-ugnayan niya sa kapwa, sa asosasyon, sa institusyon at maging sa dakilang Bathala. Kung wala ang wika, paano kaya nagkakaintindihan ang mamamayan, paano kaya mapabilis ang pagsulong ng kaunlaran at paano kaya mapalalapit ang tao sa isa't isa? Sa bawat isang tanong at marami pang kasunod na katanungan, hindi sapat ang senyas, drowing, ang kulay, ang krokis, ang ingay o anumang paraan maaaring likhain ng tao upang matugunan ang lahat ng mga katanungan.

Kahit na anumang anyo, pasulat o pasalita, hiram o orihinal, banyaga o katutubo, wika ang pinakamabisang sangkap sa paghahatid ng diwa at kaisipan at sa pagpapanatili sa madali o mahabang panahon ng mga naloko na tala, pangkasaysayan o pampanitikan, pampolitika at panlipunan, pang-simbahan o pang-kabuhayan at maging sa larangan ng siyensya o ng iba pang-disiplina




Tayahin

Suriing mabuti ang mga pahayag. Tukuyin kung ang inilalahad na impormasyon ng pahayag ay TAMA o MALI.

1. Sa pagbabago ng katawagan ng isang wika ay hindi na nangangailangan ng batas na siyang pagbabatayan.
2. Ang itinuturing na lingua franca ng Pilipinas ay ang dayalektong Tagalog.
3. Sa larangan ng pakikipagtalastasan ay kinakailangan maging pormalisado ang paggamit sa wikang Filipino.
4. Sa pagiging pormalisado ng paggamit ng wikang Filipino ay nagkaroon ng impluwensya ng mga banyaga ng mananakop.
5. Ang Tagalog ay ang katawagan sa wikang Pambansa na isinulat sa lamang sa Filipino.
6. Binanggit ni Kom. Francisco Rodrigo na ang Pilipino ay batay sa Tagalog at ang Filipino ay batay sa Pilipino.
7. Ang Wikang Filipino ay pinatutunayang hindi isang bagong kinatha o kakathaing lenggwahe.
8. Mas gagamitin at makilala ang Wikang Filipino kung ito ay ibabatay sa Pilipino.
9. Hindi maituturing na isang umiiral na wika ang Wikang Filipino ng isang bansa kung ito ay hindi pa pormalisado.
10. Ang Wikang Filipino ay pinalawak na bersyon ng Pilipino.
11. Ang Filipino ay lumalaganap at umiiral na wika kung kaya't kinakailangang paunlarin ito ng sistema ng edukasyon ayon sa pagsalakay ni Kom. Wilfrido Villacorta.
12. Magkakaroon na ng sapat na pagkakaunawaan ang mga mamamayan sa isang bansa kahit na isang wika lamang ang umiiral.
13. Sa pamumuno ni Pangulong Manuel Luis Quezon namayagpag ang paggamit ng dayalektong Tagalog.

14.Maaaring lumikha ng panibagong wika ng sinuman nang walang pinagbabatayan na kahit na anong batas.

15.Hindi nagtataglay ng historikal na perspektibo ang Wikang Filipino.




Karagdagang Gawain

Ipaliwanag ang pahayag sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling opinyon ukol dito.

“Lahat ng wika ay may pinagdaanang kasaysayan bago ito mabuo”.

“May kapangyarihan ang wika at may wika ang kapangyarihan”



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. MALI
6. TAMA
7. TAMA
8. MALI
9. TAMA
10. MALI
11. MALI
12. MALI
13. TAMA
14. MALI
15. TAMA

Tayahin

1. TAMA
2. MALI
3. MALI
4. TAMA
5. MALI
6. TAMA
7. MALI
8. MALI
9. MALI
10. TAMA
11. MALI
12. MALI
13. TAMA
14. MALI
15. MALI

Sanggunian

Abueg, Efren R. (2013, Abril 11) Ang Depinisyon ng Wikang Filipino: Ang Katawan at Kaluluwa. Opisyal na Blogspot ni Efren R. Abueg, PhD. Nakuha mula sa <http://efrenabueg.blogspot.com>

Ampong, R. (2017) Nakuha mula sa <https://prezi.com/Oiw79iocnosl/metalinggwistik-na-pagtalakay-sa-wikang-filipino/>

Genovia, R.M. et al. Nakuha mula sa <https://pinoycollection.com/sanaysay-tungkol-sa-wika/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph